

**ID ng Kaso:**

Ang mga rekord ng pampublikong tulong ng County ay nagpapakita na ikaw ay nabayaran nang sobrang mga benepisyo, at napabayaan, bilang resulta ng sobrang kabayaran sa tulong sa salapi o cash aid at/o sobrang pag-isyu ng CalFresh (dating kilala bilang Food Stamps). Ang mga sumusunod na nakaligtaang (mga) halagang utang ay ipapadala sa Franchise Tax Board para sa intersepsyon ng muling pagbabayad ng buwis o tax refund interception. Ang abisong ito ay maaaring hindi magpapakita ng lahat ng mga nakaraang mga halagang na iyong inutang.

**Tulong na Salapi o Cash Aid \$****CalFresh \$**

Dahil ang halagang ito ay maaaring hindi mabayaran, itatago lahat, o bahagi, ng Franchise Tax Board, ang iyong inaasahang muling kabayaran sa kita sa buwis sa estado o state income tax refund, o mga panalo sa lotto (na pinahintulutan ng Kontroler ng Estado ng California sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 12419.5, at sa Manwal ng mga Patakaran at Pamamalakad ng Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California o California Department of Social Services Manual of Policies and Procedures - Seksyon 20-400), upang muling bayaran ang nakaligtaang halagang utang. Ang aksyong ito ay nalalapat kahit na pinagsamang inihain ang iyong maibabalik na buwis o tax return ng iyong asawa na walang nakaligtaang mga utang na benepisyo.

**Ang Iyong Karapatan sa Administratibong Pagsusuri nitong Aksyon**

Kung ikaw, o ang iyong asawa (sa kaso ng pinagsamang pagbalik ng buwis o joint tax refund), ay hindi sumang-ayon sa anumang mga aksyon na naisagawa, ikaw ay maaaring humiling ng pagsusuri sa harap ng kinatawan ng County. Kailangan mo na humiling nitong pagsusuri sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa County na nakalista sa itaas. Sa pagsusuring ito, ikaw ay maaaring mapangatawanan ng isang abogado, at ikaw ay may Karapatan na magpresenta ng ebidesniya, at iksaminin ang mga dokumento na ginamit ng county na kwentahin ang halaga ng nakaligtaang inutang. Upang makakuha ng kopya ng orihinal na Abiso ng Aksyon na nagsasabi ng mga rason at komputasyon ng sobrang kabayaran, makipag-ugnay sa County (nakalista sa itaas).

Ang ilang posibleng mga rason kung bakit ikaw ay maaaring hindi sumang-ayon ay: (1) Ikaw ay kailanman hindi tumanggap ng Cash Aid o CalFresh; (2) Ang halagang naipakita bilang nakaligtaang utang ay hindi tama; (3) Ang batas ng pagkaka-bangkarote na epektibo sa panahon ng iyong paghain para sa pagkaka-bangkarote ay itiniwalag ang halaga na naipakita sa nakaligtaang inutang; at (4) Bigo ang County na sundin ang batas ng Estado, at mga regulasyon ng Cash Aid o CalFresh, noong kwiniwenta kung magkano ang iyong utang.

Upang payagan ng County ang oras na gumawa ng anumang mga kinakailangan na pagbabago sa mga rekords nito bago ang posibleng deduksyon mula sa iyong income tax refund, o ibang mga salaping inutang sa iyo ng Estado ng California, ang iyong hiling ay kailangan na matanggap ng county na nakalista sa itaas sa loob ng 30 na araw ng petsa nitong abiso. Subalit, ikaw ay maaaring humiling ng pagsusuri ng iyong kaso sa anumang oras ng taon, na pinahintulutan ng Manwal ng mga Patakaran at Pamamalakad ng Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California o California Department of Social Services Manual of Policies and Procedures – Seksyon 20-407.

Ikaw, o ang iyong asawa, ay maaaring magpetisyon sa Korte Suprema upang pigilin itong aksyon at determinahin kung ang (mga) halaga ng nakaligtaang inutang na naipakita ay tama. Mangyaring makipag-ugnay sa County na nakalista sa itaas nitong abiso para sa karagdagang impormasyon.